

2. Sakit at Emerhensiya (病気・緊急)

2-1 Kapag nagkasakit (病気のと看)

【Karaniwang araw】 (平日)

Sakai City Medical Center (1-1-1 Ebaraji-cho, Nishi-ku ☎072-272-1199 FAX072-272-9911)

Puna Ito ay isang ospital para sa mga taong nangangailangan ng dalubahasang pagpapagamot na may hawak na sulat ng pagpapakilala mula sa ibang medikal na pasilidad.

Kapag walang sulat ng pagpapakilala, may dagdag na ipapatong sa karaniwang singil sa pagpapatingin.

【Kapag biglang nagkasakit sa araw na walang pasok o sa gabi】 (休日・夜間に急病になったとき)

Departamento	Pangalan	Lugar	Oras ng Tanggapan		
			Karaniwang mga araw	Sabado	Linggo, pista opisyal o mga araw na walang pasok
Pediatrics *1	Sakai Children's Emergency Medical Center	1-1-2 Ebaraji-cho, Nishi-ku ☎072-272-0909 FAX072-272-5959	20:30~ 4:30 ng sunod na umaga	17:30~ 4:30 ng sunod na umaga	9:30~11:30 12:45~16:30 17:30~4:30 ng sunod na umaga
Internal Medicine *2	Sakai Senboku Emergency Treatment Center	1-8-1 Takeshirodai, Minami-ku ☎072-292-0099 FAX072-292-0629	×	17:30~ 20:30	9:30~11:30 12:45~16:30 17:30~20:30
Dentistry	Sakai City Oral Health Center	18-3 Daisennaka-machi Sakai-ku ☎072-243-0099 FAX072-243-3088	×	17:30~ 20:30	9:30~11:30 12:45~16:30

*1 Para lamang sa mga junior high school na mag-aaral o mas bata pa

*2 Pumunta lamang sa Sakai Children's Emergency Medical Center ang mga junior high school na mag-aaral o mas bata pa

【Website ng medikal na mga impormasyon para sa mga dayuhan】 (外国人のための医療情報サイト)

Osaka Medical Net for Foreigners

Mahamanap sa wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Espanyol, Portuges, Vietnam, Tagalog.

Makakahanap ng mga basikong medikal na impormasyon at ng mga ospital na maaaring magpatingin na gamit ang banyagang wika.

<http://www.mfis.pref.osaka.jp/omfo/>

(Gawa ng: Osaka Prefectural Government Department of Health and Medical Care, Public Health and Welfare Office, Health and Medical planning Affairs Division)

【Medikal na Palatanungan sa Iba't Ibang Wika】 (多言語医療問診票)

Makikita medikal na palatanungan sa 21 wika (Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, Biyetnames, Tagalog, Thai, Indonesiyano, Nepali, Pranses, Arabe, Ruso, Persyano, Kambodyano, Lao, Aleman, Kroatyano, Tamil, Sinhala, Ukraine) sa internet.

Makakatulong sa pakikipag-usap sa manggagamot kapag sinagutan ito bago pumunta sa ospital.

<http://www.kifp.org/medical/>

Puna May kaso na ang [Medikal na Palatanungan sa Iba't Ibang Wika] na ito ay binabago kaya tiyakin muna bago gamitin.

(Gawa ng: International Community Hearty Konandai at Kanagawa International Foundation)

2-2 Sa oras ng sunog, sa oras na biglang nagkasakit o malubhang napinsala

(火事の時、急病や大けがの時)

【Pagtawag sa 119】 (119番通報)

Ang call center ay may interpreter sa 5 wika (Ingles, Intsik, Koreano, Portuges at Espanyol) na magagamit 24 oras sa 365 araw ng taon.

Puna May kaso na kailangang maghintay ng matagal bago makakonekta sa call center.

2-3 Kapag nabiktima ng krimen o naaksidente (犯罪被害などにあつたとき)

【Pagtawag sa 110】 (110番通報)

Tignan lamang ang pahina sa [I. Pagtugon sa Emerhensiya] ng Osaka Foundation of International Exchange